

## **Inilabas ng Gobyerno ang Komprehensibong COVID-19 support package**

Ngayong araw, inanunsyo ng Gobyerno ng Falkland Islands ang suite ng mga bagong panukala para tulungan ang mga negosyo, mga empleyado ng pampribadong sektor, at mga sambahayan, habang sila ay nag-a-adjust sa epektong pang-ekonomiya ng COVID-19 Pandemic.

Ang mga panukala, kapag ginawa ng sama-sama ay kumakatawan sa isang komprehensibong pamamaraan upang matugunan ang mga pangangailangang daloy ng cash ng mga manggagawa sa pribadong sektor at mga sambahayan, at ang pangangailangang liquidity ng mga micro, small at medium-sized na mga negosyo sa mga susunod na tatlong (3) buwan.

Isang espesipikong package ng mga panukala para sa sektor ng wool farmers at iba pang mga sektor ay itinuturing na hiwalay dito.

Ang mga iminungkahing measures o panukala ay binubuo ng:

- isang scheme para sa pagpapanatili ng trabaho para tulungan ang pagpapanatili ng empleyado at para suportahan ang katatagan ng kita para sa mga sambahayan.
- isang pinahusay na sistema ng subsidy sa kawalan ng trabaho para suportahan ang katatagan ng kita para sa mga sambahayan na kung saan ang mga indibidwal nito ay tinanggal sa trabaho dahil sa kalagayan ng ekonomiya.
- direktang non-repayable grants para tulungan ang mga negosyo sa liquidity.
- pagkakaloob ng garantiya ng pautang na suportado ng gobyerno sa mga negosyo para tulungan sila sa liquidity, na napapailalim sa pag-apruba ng Secretary of State.
- pagbabawas sa rate ng kuryente para suportahan ang mga negosyo at mga sambahayan.
- ang pag-waive ng utility service charge sa panahon ng siyamnapung (90) araw.
- mga umiiral na mekanismo ng pamahalaan na pwedeng malapitan sa oras ng pangangailangan

Ang mga sumusunod na pagbubuod ang nagbibigay ng pangkalahatang-ideya sa mga panukala ngunit hindi dapat ito asahan bilang tiyak na patnubay, na ipagkakaloob sa angkop na panahon. Ang aplikasyon ng isa o lahat ng mga panukala na ito ay maaaring nakasalalay sa estado ng pagtugon ng Gobyerno sa Pandemic. Mag-aabiso ang Gobyerno sa kahit anong pagbabago kung mangyari ito.

## 1. Scheme para sa bagong job retention, “furlough”

Maaaring makita ng mga negosyo ang kanilang sarili sa isang posisyon na kung saan sila ay hindi na makapagbayad ng sweldo o sahod sa kanilang mga manggagawa dahil sa malaking kabawasan ng kita sa loob ng panahon ng siyamnapung (90) araw. Tulad din ditto, ang mga manggagawa na self-employed ay maaaring humarap sa seryosong pagkabawas ng kanilang kita. Sa ilalim ng panukala na ito, kung ang employer ay hindi makapag-operate o may limitado o walang trabaho para sa manggagawa dahil sa COVID-19, at kung ang employer at ang manggagawa ay parehong sumang-ayon, ang employer ay maaaring mapanatili ang manggagawa sa payroll sa walumpung (80) porsiyento ng kanilang sahod. Ito ay tinatawag na nasa “furlough”.

- Bilang pag-galang sa mga manggagawa, saklaw ng bagong scheme ang
  - 80% ng sahod para mga furloughed employees sa panahon ng hanggang sa siyamnapung (90) araw
  - 80% ng sahod para mga manggagawa na nasa bawas na oras, proporsiyonal sa porsiyento ng oras na hindi tinrabaho sa panahon ng hanggang sa siyamnapung (90) araw
- Bilang pag-galang sa mga manggagawang self-employed:
  - saklaw ng bagong scheme ang 80% ng buwanang average na netong kita ng nakaraang dalawang (2) taon sa panahon ng hanggang sa siyamnapung (90) araw

Para sa parehong manggagawa at mga self-employed na manggagawa, magkakaroon ng cap na £2,500 kada buwan.

Ang lahat ng pagbabayad ay kinukunsidera na bubuwisan sa kamay ng mga tatanggap.

Ang kaka-anunsyo lang na Private Sector Employee Support Scheme ay patuloy na ilalapat sa mga tao na ni-require ng KEMH na mag-isolate o yaong mga nasa listahan ng mga vulnerable o nanganganib. Gayunpaman, ang mga hindi mahahalagang trabahador ay kailangang manatili sa bahay sa utos ng Gobyerno ay masasaklaw na sa ilalim ng bagong Job Retention Scheme epektibo sa ika-24 ng Abril 2020.

## 2.0 Unemployment Subsidy Scheme

Ang bagong sistemang subsidiya para sa pagkawala ng trabaho o unemployment subsidy scheme ay tinutudla o tinatarget sa mga manggagawa na na-dismiss sa trabaho bilang resulta ng krisis na ito. Ang panukala na ito ay magbibigay ng katiyakan sa pananalapi sa mga taong na-dismiss sa trabaho, nang hindi nila kasalanan, bilang resulta ng COVID-19 pandemic.

- Ang subsidiya sa unemployment ay sasaklaw sa 60% ng huling buwanang sweldo sa panahon ng hanggang sa siyamnapung (90) araw
- Magkakaroon ng cap na £2,500 kada buwan.

Ang lahat ng pagbabayad ay kinukunsidera na bubuwisan sa kamay ng mga tatanggap.

Ang panukala na ito ay magkakaroon ng petsa ng pagiging epektibo simula ika-20 ng Marso 2020.

### **3.0 Direktang Grants nan aka-target sa mga micro, small at medium-sized na mga negosyo**

Ang ibang mga negosyo ay maaaring humarap sa panagnib ng high solvency dahil sa malaki o kritikal na pagbabawas sa pangangailangan ng kanilang mga kalakal at serbisyo. Ang Gobyerno ang magbibigay ng suportang pinansyal para pansamantalang suportahan ang kakayahang pang-ekonomiya ng dalawang malawak na pag-uuri ng mga kumpanya na may dalawang magkaibang uri ng direktang, non-repayable na grants.

#### Micro at Maliliit na Negosyo

Ang antas ng agwat ng bawat indibidwal na grant ay:

- naka-target sa mga negosyong mababa sa £500,000 sa turnover;
- makakalkula kaya maiiwasan ang pagiging isang unnecessary windfall;
- nasa pagitan ng zero hanggang sa kabuuang £20,000 sa panahon ng hanggang sa siyamnapung (90) araw; at
- lahat ng pagbabayad ay kinukunsidera na bubuwisan

#### Micro, Maliliit, at Medium Sized na Negosyo sa Sektor ng Hospitality at Sektor ng Human Health at Sektor ng gawaing Social Work

Ang antas ng agwat ng bawat indibidwal na grant ay:

- naka-target sa mga negosyong mababa sa £1,000,000 sa turnover;
- makakalkula kaya maiiwasan ang pagiging isang unnecessary windfall;
- nasa pagitan ng zero hanggang sa kabuuang £30,000 sa panahon ng hanggang sa siyamnapung (90) araw; at
- lahat ng pagbabayad ay kinukunsidera na bubuwisan

Tinatarget ng gobyerno na maging “*application ready*” ang programang ito sa ika-1 ng Mayo.

#### **4.0      Guaranteed Loan ng Gobyerno para sa mga negosyo**

Nilalayon ng gobyerno na higit pang saliksikin ang pagtatatag ng isang Government guaranteed commercial loan scheme na magpapahintulot sa mga negosyo na mag-apply para sa isang bahagyang government guaranteed loan hanggang sa pinakamataas na natorisa ng gobyerno. Sa iba pang pagsasaalang-alang, ang nasabing scheme ay mangangailangan ng pag-apruba mula sa Secretary of State.

#### **5.0      Service Charge Waiver**

Ang mga Service Charges ay maiaalis o “waived” sa panahon ng tatlong (3) buwan. Ang pagbawas sa rates hanggang sa zero ay magbibigay benepisyo sa mga sambahayan at mga negosyo na may lugar. Ang petsa-simula ng pagbabawas na ito ay iaabiso sa angkop na panahon ngunit mangyayari sa lalong madaling panahon.

#### **6.0      Kredit ng Kuryente**

Ang presyo ng kuryente ay mababawasan mula 23p sa 18p kada unit sa panahon ng siyamnapung (90) araw. Ang panukala na ito ay ilalapat sa lahat ng mga negosyo at sambahayan. Ang petsa-simula ng pagbabawas na ito ay iaabiso sa angkop na panahon ngunit mangyayari sa lalong madaling panahon.

#### **7.0      Iba pang Panukalang Pinansyal**

Kasunod ng talakayan kasama ng gobyerno, ang Standard Chartered Bank ay nasa proseso na pag-disenyo ng mga panukala para suportahan yaong mga nangutang na napektuhan ng kasalukuyang mapaghamong mga pangyayari. Isasaalang-alang ng Bangko hanggang sa tatlong (3) buwan na bakasyon sa pagbabayad ang lahat ng umiiral na mga linya ng produkto ng pagpapahiram para sa mga customer, na nakipag-ugnay sa Bangko at makakapagbigay ng buod ng katibayan ng kahirapan. Ang mga customer ay maaaring makipag-ugnayan ng direkta sa Bangko para sa patnubay.

#### **8.0      Iba pang Pangkalahatang Panukala**

Dagdag pa dito sa mga bagong panukala, pinapaalalahan ang mga residente ng Falkland Islands na mayroong ibang umiiral na mga paraan na pwedeng kunin kung sila ay nakararanas ng kahirapang pinansyal bilang resulta ng pandemic.

- Ang ibang residente ay maaring maging karapat-dapat na mag-apply para sa contribution credits sa Falkland Islands Pension Scheme.
- Kung ikaw ay nakararanas ng kahirapan sa pagbabayad ng buwis bilang resulta ng pandemic, ikonsidera na makipag-diskusyon sa Falkland Islands Taxation Office para ipaliwanag ang iyong sitwasyon.
- Kung ikaw ay nasa pabahay ng FIG at nakararanas ng kahirapan sa pagbabayad ng iyong upa bilang resulta ng pandemic, ikonsidera na makipagusap sa Housing Office para ipaliwanag ang iyong sitwasyon.